PROPOSISYON

64 PAGSASALEGAL NG MARIHUWANA. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Ginagawang legal ang marihuwana sa ilalim ng batas ng estado, para gamitin ng mga nasa hustong gulang na 21 o mas matanda pa.
- Itinatalaga ang mga ahensiya ng estado upang lisensiyahan at pangasiwaan ang industriya ng marihuwana.
- Nagpapataw ng kinakaltas na buwis ng estado na 15% sa mga tinging pagbebenta ng marihuwana, at mga buwis ng estado sa pagtatanim ng marihuwana na $9.25 bawat onsa ng mga bulaklak at $2.75 bawat onsa ng mga dahon.
- Hindi isinasama ang medikal na marihuwana sa ilang pagpapataw ng buwis.
- Nagtatatag ng mga pamantayan at paghihigpit sa pagpapakete, paglalagay ng label, pag-a-advertise at pagbebenta para sa mga produktong marihuwana.
- Ipinagbabawal ang pagbebenta at pag-a-advertise ng marihuwana nang tuwiran sa mga menor de edad.
- Pinahihintulutan ang lokal na regulasyon at pagpapataw ng buwis sa marihuwana.
- Pinahihintulutan ang pagbibigay ng bagong sentensiya at pagsira ng mga rekord para sa naunang napatunayang mga pagkakasala na may kaugnayan sa marihuwana.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Ang laki ng mga epekto sa pananalapi ng panukala ay maaaring magbago nang malaki depende sa:
  (1) kung paano pipiliin ng pang-estado at lokal na mga pamahalaan ang pagkontrol at pagpapataw ng buwis sa marihuwana,
  (2) kung paano nagpapatupad ang pederal na pamahalaan ng mga pederal na batas na nagbabawal sa marihuwana, at
  (3) kung paano nagbabago ang mga presyo at pagkonsumo ng marihuwana sa ilalim ng panukala.
- Kabuuan ng karagdagang pang-estado at lokal na mga kita sa buwis na sa huli ay maaaring mula sa mataas na daan-daang milyong dolyar hanggang sa mahigit sa $1 bilyon taun-taon. Karamihan ng mga pondong ito ay hihilinging gastusin para sa mga partikular na layunin tulad ng mga programang pangkabataan, proteksiyon ng kapaligiran, at pagpapatupad ng batas.
- Kabuuan ng nabawasang mga gastos na posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon sa pang-estado at lokal na pamahalaan, na pangunahing may kaugnayan sa pagbaba sa bilang ng mga nagkasala na may kaugnayan sa marihuwana na nakabilanggo sa mga bilangguan ng estado at mga kulungan ng county.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Mga Batas sa Marihuwana ng Estado

Ang Marihuwana sa Pangkalahatan ay Labag sa Batas sa Ilalim ng Batas ng Estado. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, sa pangkalahatan ay labag sa batas na magtaglay o gumamit ng marihuwana. (Mangyaring tingnan ang kalapit na kahon para sa detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano ginagamit ang marihuwana.) Ang mga parusa para sa aktibidad na may kaugnayan sa marihuwana ay nag-iiba depende sa pagkakasala. Halimbawa, ang pagtataglay ng mas kaunti kaysa isang onsa ng marihuwana (ang katumbas ng halos 40 sigarilyong marihuwana, kilala rin bilang "joints") ay maparurusahan ng isang multa, habang nagbebenta o nagtatanim ng marihuwana ay maaaring magresulta sa isang sentensiya sa kulungan o bilangguan.

Ginawang Legal ng Proposisyon 215 ang Medikal na Marihuwana. Noong 1996, inaprobahan ng mga botante ang Proposisyon 215, na ginawang legal sa ilalim ng batas ng estado para sa mga indibidwal anuman ang edad na gumamit ng marihuwana sa California para sa mga medikal na layunin. Ang mga indibidwal ay dapat magkaroon ng rekomendasyon mula sa isang doktor upang gumamit ng medikal na marihuwana. Noong 2003, ginawang legal ng Lehislatura ang mga kolektiba, na mga di-nagtutubong organisasyon na nagtatanim at nagkakaloob ng marihuwana sa kanilang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

Paano Gumagamit ang mga Indibiwal ng Marihuwana?

Paghithit. Ang pinakakaraniwang paraan na ginagamit ng mga indibidwal ang marihuwana ay sa pamamagitan ng paghithit dito. Pangkaraniwan, ang mga gumagamit ay humihithit ng mga tuyong bulaklak ng halamang marihuwana. Ang mga tuyong dahon ng marihuwana ay maaari ring hithitin pero ito ay bihira dahil ang mga dahon ay nagtataglay ng maliit lamang na tetrahydrocannabinol (THC), na sangkap sa marihuwana na lumilikha ng isang "high." Ang mga dahon, bulaklak, at tangkay ay maaari ring iproseso patungo sa konsentradong marihuwana at hithitin. Ang mga halimbawa ng konsentradong marihuwana ay kabilang ang hash at langis ng hash. Ang konsentradong marihuwana ay mas malakas kaysa tuyong marihuwana, madalas na nagtataglay na lima hanggang sampung beses ng mga antas ng THC na natatagpuan sa mga tuyong bulaklak ng marihuwana.

Pagpapasingaw. Ang ilang gumagamit ay kumokonsumo ng marihuwana sa pamamagitan ng mga kagamitang tinatawag na pampasingaw. Ang pampasingaw ay nagpapainit sa tuyong marihuwana o konsentradong marihuwana pero hindi sinusunog ito. Ang prosesong ito ng pagpapainit ay lumilikha ng isang gas na nagtataglay ng THC na hinihithit.

Pagkain. Ang marihuwana ay maaari ring idagdag sa pagkain. Ang nakakaing mga produktong marihuwana ay pangkaraniwang ginagawa sa pamamagitan ng pagdaragdag ng THC mula sa halaman patungo sa mga sangkap (tulad ng mantikilya o langis) na ginagamit upang maghanda ng mga pagkain tulad ng mga brownie, cookie, o mga bar ng tsokolate.

Ibang mga Paraan. Ang ibang hindi gaanong pangkaraniwang mga paraan ng paggamit ng marihuwana ay kabilang ang mga inumin na hinaluan ng marihuwana at pagpahid sa balat ng mga losyong may marihuwana.

mga miyembro. Ang mga kolektiba na hindi lisensiyado o pinangangasiwaan ng estado ngayon, pero ang mga lungsod at county ay maaaring mangasiwa kung saan at paano itinatanim at ibinebenta ang medikal na marihuwana ng mga indibidwal o kolektiba.

Ang Estado ay Kasalukuyang Nagpapatibay ng mga Bagong Regulasyon sa Medikal na Marihuwana. Kamakailan, ang mga bagong batas ng estado ay pinagtibay upang simulan ang pangangasiwa ng medikal na marihuwana. Gaya ng ipinakikita sa Pigura 1, ang isang bagong Kawanihan ng Regulasyon ng Medikal na Marihuwana at ibang mga ahensiya ng estado ay responsable para sa regulasyong ito. Ang mga bagong batas ay nag-aatas sa estado na magtatag ng mga pamantayan para sa pagmamarka, pagsusuri, at pagpapakete ng mga produktong medikal na marihuwana at upang bumuo ng isang sistema upang subaybayan ang mga naturang produkto mula a produksiyon hanggang sa pagbebenta. Sa kasalukuyan, ang mga bagong regulasyon ay binubuo ng magkakaibang ahensiya ng pangangasiwa. Sa ilalim ng mga bagong batas, ang mga kolektiba ng medikal na marihuwana ay dapat sarhan sa loob ng ilang taon at palitan ng lisensiyado-ng-estado na mga negosyo. Ang mga lokal na pamahalaan ay patuloy na magkakaroon ng kakayahan na pangasiwaan kung saan at paano pinatatakbo ang mga

Pigura 1

Industriya ng Medikal na Marihuwana Pangangasiwaan ng Maraming Ahensiya ng Estado

Ahensiya ng Pangangasiwa	Mga Pangunahing Responsibilidad
Kawanihan ng Regulasyon ng Medikal na Marihuwana	Lisensiyahan ang mga tagapamahagi ng medikal na marihuwana, tagapaghatid, mga pasilidad ng pagsusuri, at mga nagtitingi.
Kagawaran ng Pagkain at Agrikultura	Lisensiyahan at pangasiwaan ang mga magtatanim ng marihuwana.
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan	Lisensiyahan at pangasiwaan ang mga prodyuser ng nakakaing produktong marihuwana.
Lupon ng Pagkontrol sa mga Pinagkukunan ng Tubig ng Estado	Pangasiwaan ang mga epektong pangkapaligiran ng pagtatanim ng marihuwana sa kalidad ng tubig.
Kagawaran ng Isda at Maiilap na mga Hayop-gubat	Pangasiwaan ang mga epektong pangkapaligiran ng pagtatanim ng marihuwana.
Kagawaran ng Regulasyon ng Pestisidyo	Pangasiwaan ang paggamit ng pestisidyo para sa pagtatanim ng marihuwana.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 64 pumunta sa pahina 178.

negosyong medikal na marihuwana.

Mga buwis sa Medikal na Marihuwana. Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay kasalukuyang sumisingil ng buwis sa pagbebenta sa medikal na marihuwana. Ang isang maliit na bilang ng mga lungsod ay nagpapataw din ng mga karagdagang buwis sa partikular sa medikal na marihuwana. Ang kabuuang halaga ng pang-estado at lokal na mga buwis na sinisingil sa medikal na marihuwana ay malamang na ilang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

Mga Pederal na Batas sa Marihuwana

Sa ilalim ng pederal na batas, labag sa batas na magtaglay o gumamit ng marihuwana, kabilang ang para sa medikal na paggamit. Ang Korte Suprema ng U.S. ay nagpasiya noong 2005 na ang mga pederal na ahensiya ay maaaring magpatuloy sa ilalim ng pederal na batas na umusig sa mga indibidwal na nagtataglay o gumagamit ng marihuwana para sa mga medikal na layunin kahit na legal sa ilalim ng batas ng estado. Sa kasalukuyan, gayunman, ang Kagawaran ng Hustisya (DOJ) ng U.S. ay pumipiling huwag usigin ang karamihan ng mga gumagamit at negosyo ng marihuwana na sumusunod sa pang-estado at lokal na mga batas sa marihuwana kung ang mga batas na ito ay kaayon ng mga pederal na priyoridad. Ang mga priyoridad na ito ay kabilang ang pagpigil sa mga menor na gumamit ng marihuwana at pagpigil na dalhin sa ibang mga estado ang marihuwana.

MUNGKAHI

Ang panukalang ito (1) ay ginagawang legal ang di-medikal na paggamit ng marihuwana ng naa hustong gulang, (2) lumilikha ang isang sistema para sa pangangasiwa ng negosyong di-medikal na marihuwana, (3) nagpapataw ng mga buwis sa marihuwana, at (4) nagbabago ng mga parusa para sa mga krimeng may kaugnayan sa marihuwana. Ang mga pagbabagong ito ay inilarawan sa ibaba.

Pagsasalegal ng Di-medikal na Paggamit ng Marihuwana ng Nasa Hustong Gulang

Personal na Paggamit ng Di-medikal na Marihuwana. Ang panukalang ito ay nagbabago sa batas ng estado upang gawing legal ang paggamit ng marihuwana para sa di-medikal na mga layunin ng mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang at mas matanda. Pigura 2 ay nagsasabuod kung anu-anong mga aktibidad ang ipahihintulot sa ilalim ng panukala. Ang mga aktibidad na ito ay mananatiling labag sa batas para sa mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang.

Pagbili ng Marihuwana. Sa ilalim ng panukala, ang mga nasa hustong gulang na 21 at mas matanda ay makakabili ng marihuwana sa lisensiyado-ng-estado na mga negosyo o sa pamamagitan ng kanilang mga serbisyong paghahatid. Ang mga negosyo sa pangkalahatan ay hindi maaaring itayo sa loob ng 600 talampakan ng isang paaralan, sentro ng pag-aalaga sa araw, o sentro ng kabataan, maliban

Pigura 2

Proposisyon 64 Ginagawang Legal ang mga Aktibidad na Kaugnay ng Di-medikal na Marihuwana, May mga Kabawalan

Aktibidad	Mga Aktibidad na Ipinahihintulot sa Ilalim ng Panukala	Mga Aktibidad na Hindi Ipinahihintulot sa Ilalim ng Panukala
Paghithit ng marihuwana	Paghithit ng marihuwana sa isang pribadong bahay o sa isang negosyong lisensiyado para sa loob-ng-lugar na pagkonsumo ng marihuwana.	Paghithit ng marihuwana (1) habang nagmamaneho ng isang sasakyan, (2) sa anumang pampublikong lugar (iba sa isang negosyong lisensiyado para sa loob-ng-lugar na pagkonsumo), o (3) kahit saan na ipinagbabawal ang paghithit ng tabako.
Pagtataglay ng marihuwana para sa personal na paggamit	Pagtataglay ng hanggang 28.5 gramo (mga isang onsa) ng marihuwana at hanggang 8 gramo ng konsentradong marihuwana (tulad ng hash).	Pagtataglay ng marihuwana sa mga lupang sakop ng isang paaralan, sentro ng pag-aalaga sa araw, o sentro ng kabataan habang may mga bata.
Pagtatanim ng marihuwana	Pagtatanim ng hanggang anim na halamang marihuwana at pagpapanatili sa marihuwanang nililikha ng mga halaman sa loob ng isang pribadong bahay.	Pagtatanim sa isang lugar na hindi nakakandado o nakikita mula a isang pampublikong lugar.
Pamimigay ng marihuwana	Pamimigay ng ibang mga nasa hustong gulang hanggang sa 28.5 gramo ng marihuwana at hanggang 8 gramo ng konsentradong marihuwana.	Pagkakaloob ng marihuwana sa mga menor na wala pang 21 taong gulang para sa di-medikal na paggamit.

kung ipinahihintulot ng isang lokal na pamahalaan. Bilang karagdagan, ang mga negosyong nagbebenta ng marihuwana ay hindi maaaring magbenta ng tabako o alkohol. Sa ilalim ng panukala, ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring mag-awtorisa sa mga lisensiyadong negosyo na magpahintulot na loob-ng-lugar na pagkonsumo ng marihuwana. Gayunman, ang mga naturang negosyo ay hindi maaaring magpahintulot ng pagkonsumo sa mga lugar sa mayroon o nakikita ng mga indibidwal na wala pang 21 taong gulang o mga lugar na nakikita mula sa isang pampublikong lugar. Bilang karagdagan, ang mga negosyong nagpapahintulot ng loob-ng-lugar na pagkonsumo ng marihuwana ay hindi maaaring magpahintulot ng pagkonsumo ng alkohol o tabako.

Regulasyon ng mga Negosyong Di-medikal na Marihuwana

Regulasyon ng Estado ng mga Negosyong Di-medikal na Marihuwana. Ang panukalang ito ay nagbabago sa pangalan ng Kawanihan ng Regulasyon ng Medikal na Marihuwana patungo sa Kawanihan ng Pagkontrol sa Marihuwana at ginagawa rin itong responsable para sa pangangasiwa at paglilisensiya ng mga negosyong di-medikal na marihuwana. Bilang karagdagan, ang panukala ay nag-aatas sa ibang mga ahensiya ng estado na pangasiwaan at lisensiyahan ang iba't ibang mga bahagi ng industriya ng di-medikal na marihuwana. Ang mga ahensiya ng estado ay magkakaroon ng mga responsibilidad na katulad ng kasalukuyang nasa kanila para sa medikal na marihuwana. Ang panukala ay nag-aatas sa bawat ahensiya ng paglilisensiya na sumingil ng mga fee na sumasaklaw sa mg gastos sa pangangasiwa ng marihuwana. Sa ilalim ng panukala, ang sistema para sa pagsubaybay ng mga produktong medikal na marihuwana na dapat buuin sa ilalim ng kasalukuyang batas ay palalawakin upang isama ang marihuwana para sa di-medikal na paggamit. Ang panukala ay lumilikha rin ng Lupon ng mga Apela sa Pagkontrol ng Marihuwana upang dinggin ang mga apela mula sa mga indibidwal na apektado ng isang desisyon ng mga ahensiya sa pangangasiwa ng estado. Ang mga desisyon ng lupon ay maaaring iapela sa mga hukuman.

Lokal na Regulasyon ng mga Negosyong Di-medikal na Marihuwana. Sa ilalim ng panukala, ang mga lungsod at county at ay maaaring mangasiwa ng mga negosyong di-medikal na marihuwana. Halimbawa, ang mga lungsod at county ay maaaring mag-atas sa mga negosyong di-medikal na marihuwana na kumuha ng mga lokal na lisensiya at takdaan ang lugar na maaaring itayo ang mga ito. Ang mga lungsod at county ay maaari ring lubos na ipagbawal ang mga negosyong may kaugnayan sa marihuwana. Gayunman, hindi nila maaaring ipagbawal ang transportasyon ng marihuwana na dumadaan sa kanilang mga hurisdiksiyon.

Pagbubuwis sa Marihuwana

Ang panukala ay nagpapataw ng mga bagong buwis ng estado sa pagtatanim at pagbebenta ng pareho ng medikal at di-medikal na marihuwana. Gaya ng ipinakikita sa Pigura 3, ang bagong batas sa pagtatanim ng marihuwana ay ibabatay sa dolyar na halaga kada onsa ng marihuwana, at ang bagong kinakaltas na buwis ay ibabatay sa presyo sa pagtitingi ng mga produktong marihuwana na ibinebenta.

Ang panukala ay makakaapekto rin sa kita sa buwis sa pagbebenta sa estado at mga lokal na pamahalaan sa dalawang paraan. Una, ang pagsasalegal ng pagbebenta ng di-medikal na marihuwana ay magreresulta sa kita sa bagong buwis sa pagbebenta. (Ito ay awtomatikong mangyayari, dahil pangkaraniwan ang mga produkto ay napapailalim sa buwis na ito sa ilalim ng kasalukuyang batas.) Ikalawa, ang pagbebenta ng medikal na marihuwana, na kasalukuyang napapailalim sa buwis sa pagbebenta, ay ispesipikong pinalilibre mula sa buwis na iyon. Ang panukala ay hindi

Pigura 3

Pagbubuwis sa Marihuwana sa Ilalim ng Proposisyon 64

Uri ng Buwis	Uri ng Marihuwana na Binubuwisan	Antas
Bagong buwis ng estado sa pagtatanim	Pareho ng medikal at di-medikal.	$9.25 kada onsa ng mga tuyong bulaklak ng marihuwana at $2.75 kada onsa ng mga tuyong dahon ng marihuwana.
Bagong kinakaltas na buwis sa pagtitingi ng estado	Pareho ng medikal at di-medikal.	15 porsiyento ng presyo sa pagtitingi.
Kasalukuyang pang-estado at lokal na buwis sa pagbebenta	Di-medikal lamang.	Ang mga antas ay nagbabago sa buong estado pero pangkaraniwang mga 8 porsiyento.
Kasalukuyan at panghinaharap na mga lokal na buwis	Maaaring pairalin sa pareho ng medikal at di-medikal.	Napapailalim sa mga desisyon ng lokal na pamahalaan.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 64 pumunta sa pahina 178.

nagbabago sa kasalukuyang kakayahan ng mga lokal na pamahalaan na maglagay ng ibang mga buwis sa medikal na marihuwana at hindi tinatakdaan ang kanilang kakayahang buwisan ang di-medikal na marihuwana.

Simula sa 2020, ang buwis sa pagtatanim ng marihuwana ay iaakma taun-taon para sa implasyon. Ang panukala ay nagpapahintulot din sa Lupon ng Tagasingil ng Buwis upang taunang iakma ang antas ng buwis para sa mga dahon ng marihuwana upang ipakita ang mga pagbabago sa presyo ng mga bulaklak ng mariuwana kumpara sa mga dahon. Bilang karagdagan, ang panukala ay nagpapahintulot sa lupon na magtatag ng ibang mga kategorya ng marihuwana (tulad ng eladong marihuwana) para sa mga layunin ng buwis at tinutukoy na ang mga kategoryang ito ay bubuwisan sa halaga ng mga ito kumpara sa mga bulaklak ng marihuwana.

Paglalaan ng Partikular na mga Kita sa Buwis ng Estado. Ang mga kitang natipon mula sa bagong kinakaltas na buwis ng estado at sa buwis ng estado sa pagtatanim ng marihuwana ay idedeposito sa isang bagong kuwenta ng estado, ang Pondo ng Buwis sa Marihuwana ng California. Ang mga partikular na multa sa mga negosyo o indibidwal na lumabag sa mga regulasyon ng panukala ay idedeposito rin sa pondong ito. Ang mga pera a pondo ay unang gagamitin upang bayaran ang mga partikular na aheniya ng estado para sa anumang gastos sa pangangasiwa ng marihuwana na hindi saklaw ng mga fee sa liseniya. Ang isang bahagi ng mga pera ay ilalaan sa ispesikong mga dolyar na halaga para sa iba't ibang mga layunin, gaya ng ipinakikita sa Pigura 4.

Lahat ng natitirang kita (ang malaking mayoriya ng mga perang idineposito sa pondo) ay ilalaan gaya ng mga sumusunod:

- 60 porsiyento para sa mga programa sa kabataan—kabilang ang edukasyon, pagpigil, at paggamot ng sakit sa paggamit ng substansiya.
- 20 porsiyento upang linisin at pigilan ang pinsalang pangkapaligiran na resulta ng labag sa batas na pagtatanim ng marihuwana.
- 20 porsiyento para sa (1) mga programang idinisenyo upang bawasan ang pagmamaneho nang nasa ilaiim ng impluwensiya ng alkohol, marihuwana, at ibang mga droga (2) isang programang gawad na idinisenyo upang bawasan ang anumang posibleng masasamang epekto sa pampublikong kalusugan o kaligtasan na resulta ng panukala.

Mga Parusa para sa Krimeng May Kaugnayan sa Marihuwana

Pagbabago sa mga Parusa para sa Krimen sa Marihuwana sa Hinaharap. Ang panukala ay nagbabago ng mga parusa sa marihuwana ng estado. Halimbawa, ang pagtataglay ng isang onsa o mas kaunting marihuwana ay kasalukuyang maparurusahan ng isang $100 na multa. Sa ilalim ng panukala, ang naturang krimen na ginawa ng isang taong wala pang 18 taong gulang ay maparurusahan sa halip ng isang iniaatas na dumalo sa isang programang edukasyon o pagpapayo sa droga at magkumpleto ng serbisyo sa komunidad. Bilang karagdagan, ang pagbebenta

Pigura 4

Proposisyon 64 Naglalaan ng isang Bahagi ng mga Kita ng Estado para sa mga Ispesipikong Layunin

Layunin	Taunang Pagpopondo	Tagal
Mga gawad para sa mga partikular na serbisyo (tulad ng tulong sa paglalagay sa trabaho at paggamot ng sakit sa paggamit ng substansiya) sa mga komunidad na pinakaapektado ng mga nakaraang patakaran sa droga	$10 milyon hanggang $50 milyon[a]	2018–19 at patuloy
Tayahin ang mga epekto ng panukala	$10 milyon	2018–19 hanggang 2028–29
Lumikha at magpatibay ng mga paraan upang malaman kung ang isang tao ay nagmamaneho habang may nagpapahina, kabilang ang sa pamamagitan ng marihuwana	$3 milyon	2018–19 hanggang 2022-23
Pag-aralan ang mga panganib at benepisyo ng medikal na marihuwana	$2 milyon	2017-18 at patuloy

[a] $10 milyon sa 2018–19, nadaragdagan ng $10 milyon taun-taon hanggang 2022–23, at $50 milyon bawat taon pagkaraan.

ng marihuwana para sa di-medikal a mga layunin ay kasalukuyang maparurusahan ng hanggang apat na taon sa bilangguan ng estado o kulungan ng county. Sa ilalim ng panukala, ang pagbebenta ng marihuwana nang walang lisensiya ay magiging isang krimen na pangkaraniwang maparurusahan ng hanggang anim na buwan sa kulungan ng county at/o isang multa na hanggang $500. Bilang karagdagan, ang mga indibidwal na lumalahok sa anumang aktibidad ng negosyong marihuwana nang walang lisensiya ay sasailalim sa isang multang sibil na hanggang tatlong ulit ng halaga ng fee sa lisensiya para sa bawat paglabag. Habang ang panukala ay nagbabago sa mga parusa para sa maraming krimen na may kaugnayan sa marihuwana, ang mga parusa para sa pagmamaneho ng sasakyan habang nasa pagpapahina ng marihuwana ay mananatiling hindi nagbabago. Ang panukala ay nag-aatas din ng pagsira—sa loob ng dalawang taon—ng mga rekord na pangkrimen para sa mga indibidwal na inaresto o napatunayang nagkasala para sa partkular na mga pagkakasalang may kaugnayan sa marihuwana.

Mga Indibidwal na Dating Napatunayang Nagkasala ng mga Krimeng Kaugnay ng Marihuwana. Sa ilalim ng panukala, ang mga indibidwal na nagsisilbi ng mga sentensiya para sa mga aktibidad na ginagawang legal o napapailalim sa mas mababang mga parusa sa ilalim ng panukala ay magiging karapat-dapat para sa pagbabago ng sentensiya. Halimbawa, ang isang nagkasalang nagsisilbi ng sentensiya sa kulungan o bilangguan para sa pagtatanim o pagbebenta ng marihuwana ay maaaring magpabawas ng kanyang sentensiya. (Ang isang hukuman ay hindi aatasan na baguhin ang sentensiya ng isang tao kung ipinasiya na ang tao ay malamang na gumawa ng partikular na matitinding krimen.) Ang sentensiya ng mga kuwalipikadong indibidwal ay papalitan ng anumang parusang dapat na tanggapin nila sa ilalim ng panukala. Ang mga indibidwal na pinalitan ang sentensiya na kasalukuhang nasa kulungan o bilangguan ay sasailalim sa pangangasiwa ng komunidad (tulad ng probasyon) para sa hanggang isang taon kasunod ng paglaya nila, maliban kung alisin ng isang hukuman ang iniaatas na iyon. Bilang karagdagan, ang mga indibidwal na nakakumpleto ng kanilang mga sentensiya para sa mga krimen na binawasan ng panukala ay maaaring mag-aplay sa mga hukuman upang ipabago ang kanilang mga rekord na pangkrimen.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Epekto sa Pananalapi Napapailalim sa Malaking Kawalan ng Katiyakan

Ang panukalang ito ay makakaapekto sa pareho ng mga gastos at kita para sa estado at mga lokal na pamahalaan. Ang laki ng mga epektong ito ay maaaring magkaroon ng malaking pagkakaiba depende unang-una sa tatlong pangunahing bagay:

- Una, ito ay magiging depende sa kung paano pipiliin ng estado at mga lokal na pamahalaan na pangasiwaan at buwisan ang marihuwana. Halimbawa, kung maraming lungsod at county ang nagbawal sa mga negosyong marihuwana, ang laki ng kita mula sa mga buwis sa marihuwana ay mas mababa kaysa kung walang naturang mga pagbabawal.
- Ikalawa, ito ay magiging depende sa kung ang DOJ ng U.S. ay nagpatupad ng mga pederal na batas na nagbabawal sa marihuwana. Halimbawa, kung ang DOJ ng U.S. ay pumiling usigin ang lisensiyado-ng-estado na mga negosyong marihuwana, maaaring mabawasan nang malaki ang kita mula sa mga buwis sa marihuwana. Ang pagsusuring ito ay nagpapalaggay na ang DOJ ng U.S. ay susunod sa kasalukyang patakaran nito na nauukol sa pagpapatupad ng mga batas sa marihuwana.
- Ikatlo, ang mga epekto sa pananalapi ay magiging depende nang malaki sa kung paano ang mga presyo at pagkonsumo ng marihuwana ay nagbago sa ilalim ng panukala. Ang pagsusuring ito ay nagpapalagay na ang presyo ng marihuwana ay mababawasan nang malaki. Ito unang-una ay dahil sa (1) ang mga negosyo ay magiging mas episyente sa paglikha at pamamahagi ng marihuwana at (2) ang presyo ng marihuwana ay hindi na sasailalim sa implasyon upang tugunan ang panganib ng pagbebenta ng labag sa batas na droga. Ang pagsusuring ito ay nagpapalagay din na ang pagkonsumo ng marihuwana ay tataas sa ilalim ng panukala. Ito ay dahil unang-una sa (1) nabawasang presyo at (2) nabawasang panganib na pambatas para sa mga gumagamit ng marihuwana.

Ang mga aktuwal na epekto sa mga presyo at pagkonsumo ng marihuwana ay hindi alam, gayon din ang mga aksiyon sa

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 64 pumunta sa pahina 178.

pangangasiwa at pagpapatupad ng pang-estado, pederal, at lokal na mga pamahalaan. Sa gayon, ang posibleng gastos at mga tama sa kita ng panukalang ito na inilarawan sa ibaba ay napapailalim sa malaking kawalan ng katiyakan.

Mga Epekto sa Pang-estado at Lokal na mga Gastos

Kabawasan sa Iba't Ibang mga Gastos sa Hustisyang Pangkrimen. Ang panukala ay magreresulta sa nabawasang mga gastos sa hustisyang pangkrimen para sa estado at mga lokal na pamahalaan. Ito ay pangunahing may kaugnayan sa isang pagbaba sa bilang ng mga nagkasala na pinamamalagi sa mga bilangguan ng estado at mga kulungan ng county para sa pagtatanim at pagbebenta ng marihuwana. Ang panukala ay magbabawas din sa bilang ng mga naturang nagkasala na inilalagay sa ilalim ng pangangasiwa ng komunidad (tulad ng probasyon ng county). Bilang karagdagan, ang panukala ay malamang na magbawas sa ibang mga gastos sa hustisyang pangkrimen, tulad ng mga gastos ng hukuman ng estado para sa paghawak ng mga kaugnay na kasong pangkrimen.

Ang bahagi ng mga pagbawas sa gastos ay mapapalitan naman ng mga gastos sa ilang lugar. Sa partikular, ang mga hukuman ay magkakaroon ng mga gastos upang iproseso ang mga aplikasyon mula sa mga indibiwal na naghahangad ng pagbabago ng sentensiya o pagbabago ng kanilang mga rekord na pangkrimen. Bilang karagdagan, magkakaroon ng mga gastos upang pangasiwaan ang mga nagkasalang nagkaroon ng bagong sentensiya sa komunidad. Ang iba't ibang mga gastos na ito ay matatamo pangunahin sa loob ng unang dalawang taon kasunod ng pagpasa ng panukala. Bilang karagdagan, magkakaroon ng patuloy na mga gastos sa ilang lugar. Halimbawa, magkakaroon ng mga gastos ng hukuman upang sirain ang mga rekord ng pag-aresto at pagpapatunay ng pagkakasala para sa mga indibidwal na gumawa ng mga partikular na krimen na may kaugnayan sa marihuwana. Bilang karagdagan, magkakaroon ng mga patuloy na gastos upang patakbuhin ang mga programang edukasyon at pagpapayo sa droga gaya ng iniaatas ng panukala. Magkaroon din ng ilang tumaas na mga gastos sa hustisyang pangkrimen (tulad ng mga gastos sa kulungan ng county at hukuman ng estado) kung ang tumaas na paggamit ng marihuwana ay humantong sa tumaas na krimen na may kaugnayan sa marihuwana (tulad ng pagmamaneho habang pinahihina ng marihuwana).

Sa kabuuan, ang netong kabawasan sa pang-estado at lokal na mga gastos sa hustisyang pangkrimen mula sa nasa itaas na mga pagbabago ay maaaring nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon. Sa maraming kaso, ang mga tagapagdulot na ito ay malamang na ilipat sa ibang mga aktibidad ng hustisyang pangkrimen.

Mga Epekto sa Pang-estado at Lokal na mga Programang Pangkalusugan. Ang panukala ay maaari ring magkaroon ng iba't ibang epekto sa pananalapi sa pang-estado at lokal na mga programang pangkalusugan bilang resulta ng tumaas na paggamit ng marihuwana. Halimbawa, ang panukala ay maaaring magresulta sa pagtaas sa bilang ng mga indibidwal na naghahangad ng pinopondohan ng publiko na paggamot sa paggamit ng substansiya. Anumang karagdagang mga gastos para sa mga naturang serbisyo ay maaring di-buo o buong mapagaan ng karagdagang pagpopondo na makukuha para sa paggamot ng paggamit ng substansiya sa ilalim ng panukala. Bagaman ang pananaliksik sa mga epekto sa kalusugan o paggamit ng marihuwana ay limitado, may ilang ebidensiya na ang paghithit ng marihuwana ay may mga nakapipinsalang epekto. Halimbawa, ang usok ng marihuwana ay kasama sa isang listahan ng mga substansiya na tinukoy ng estado na nagiging sanhi ng kanser. Kung ang pagtaas sa paggamit ng marihuwana ay nakakaapekto nang masama sa kalusugan ng mga gumagamit, ito ay magtataas ng mga gastos sa pang-estado at lokal na programang pangkalusugan.

Tumaas na mga Gastos sa Pangangasiwa ng Estado. Ang panukala ay magreresulta rin sa mga gastos para sa estado upang pangasiwaan ang di-medikal na mga negosyong marihuwana. Ang mga gastos na ito ay mag-iiba depende sa kung paano pipiliin ng estado na pangasiwaan ang marihuwana pero maaaring umabot sa ilang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon. Sa huli, ang mga gastos na ito ay malamang na lubos na mabawi ng mga fee sa lisensiya at mga kita sa buwis.

Mga Epekto sa Pang-estado at Lokal na mga Kita

Ang mga Kita sa Buwis ay Maaaring Umabot ng $1 Bilyon Taun-taon, Pero Hindi Agad. Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay tatanggap ng mas maraming kita—kabilang ang mga buwis sa pagbebenta, kinakaltas na buwis, at buwis sa kita—mula sa pagbebenta ng marihuwana na ipinahihintulot sa ilalim ng panukalang ito. Ang pagtaas na ito sa kita sa buwis ay magreresulta unang-una mula sa (1) bagong mga kinakaltas na buwis ng estado sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULOY

pagtatanim at pagbebenta ng marihuwana, (2) mga indibidwal na lumilipat mula sa mga labag sa batas na pagbili ng marihuwana (ginagawa mula sa mga indibidwal na hindi nagbabayad ng lahat ng buwis na dapat nilang bayaran) sa mga ayon sa batas na mga pagbili (sa mga negosyong sumisingil at nagbabayad ng mga buwis na dapat nilang bayaran), at (3) isang pagtaas sa pagkonsumo ng marihuwana. Bilang karagdagan, ang mas mababang mga presyo ng marihuwana dahil sa panukala ay maaaring magkaloob sa mga indibidwal na gumagamit ng marihuwana ngayon ng ilang matitipid. Ito ay maaaring magpahintulot sa kanila na bumili ng ibang mga ayon sa batas na produkto na lumilikha ng kita sa buwis. Ang mga pagtaas na ito sa kita, gayunman, ay mababawasan ng pagkawala ng mga buwis sa pagbebenta na sinisingil ngayon sa pagbebenta ng medikal na marihuwana, dahil ang panukala ay nagpapalibre sa mga naturang pagbili mula sa mga buwis na ito.

Sa kabuuan, ang aming pinakamahusay na tantiya ay ang estado at mga lokal na pamahalaan ay maaaring makasingil sa huli ng netong mga karagdagang kita na aabot ng mula sa mataas na daan-daang milyong dolyar hanggang sa higit sa $1 bilyon taun-taon. Gayunman, ang mga kita ay malamang na mas mababa nang malaki sa unang ilang taon kasunod ng pagpasa ng panukala. Ito ay dahil kailangan ng dalawang taon para makapag-isyu ang estado ng mga lisensiya sa mga negosyong marihuwana. Bilang karagdagan, malamang na mangailangan ng ilang panahon para makapagtatag ang bagong lisensiyadong mga negosyo ng episyenteng mga sistema ng paglikha at pamamahagi. Ang mga presyo sa mga ayon sa batas na pamilihan ay malamang na bumaba habang mas maraming ayon sa batas na mga negosyo ang nalilisensiyahan at habang ang mga ito ay nagiging mas episyente. Habang ito ay nangyayari, mas maraming gumagamit ang magsisimulang bumili ng marihuwana nang ayon sa batas. Hindi alam kung gaaano katagal talaga ang prosesong ito pero ito ay maaaring ilang taon pagkatapos ipasa ang panukala bago umabot ang kita sa inilarawan sa itaas. Gaya ng tinalakay nang mas una, ang panukala ay nag-aatas na ang karamihan ng mga pondong ito ay dapat gastahin sa mga tinukoy na layunin.

Karagdagang mga Kita ng Lokal na Pamahalaan. Ang panukala ay maaaring magresulta sa mga karagdagang kita kung ang mga lokal na pamahalaan ay magpataw ng mga buwis sa marihuwana. Ang halaga ng mga karagdagang kita ay maaaring mag-iba nang malaki, depende unang-una sa kung gaano karaming lokal na pamahalaan ang magpapataw ng mga buwis sa marihuwana at sa anong mga antas. Ang mga kitang ito ay madaling umabot sa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

Posibleng Epekto sa mga Lokal na Ekonomiya sa mga Lugar na Lumilikha ng Marihuwana. Ang mga pagluluwas ng marihuwana na kasalukuyang nakatutulong nang malaki sa ekonomiya sa mga bahagi ng Hilagang California, tulad ng mga County ng Humboldt, Mendocino, at Trinity. Kung paano eksaktong makakaapekto ang panukalang ito sa mga lokal na ekonomiya ay hindi alam. Ang mas mababang mga presyo ng marihuwana at mas maraming pagkakataon para sa ayon sa batas na pagtatanim sa ibang lugar ay maaaring makasakit sa ekonomiya sa mga lugar na ito, magbabawas ng mga kita sa buwis ng lokal na pamahalaan. Kung, gayunman, ang mga lokal na magtatanim at negosyo ay matagumpay na magbenta ng kanilang mga produktong marihuwana bilang mga pangunahing kalakal, ang mga mamimili ay maaaring maging handang magbayad ng mas mataas kaysa pangkaraniwan na mga presyo para sa mga ito. Kung iyon ay mangyari, ito ay makakatulong na mapagaan ang ilan sa masasamang epektong pangkabuhayan sa mga lugar na ito.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 64 pumunta sa pahina 178.